# *Pagsisisi Yugto 1*

***"1 At nang mga araw na yaon ay dumating si Juan Bautista, na nangangaral sa ilang ng Judea, na nagsasabi, 2 Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit. 3 Sapagka't ito yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi, Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas. 4 Si Juan nga ay nananamit ng balahibo ng kamelyo, at may isang pamigkis na katad sa palibot ng kaniyang baywang; at ang kaniyang pagkain ay mga balang at pulot-pukyutan. 5 Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem, at ng buong Judea, at ng buong lupain sa palibotlibot ng Jordan; 6 At sila'y kaniyang binabautismuhan sa ilog ng Jordan, na ipinahahayag nila ang kanilang mga kasalanan. 7 Datapuwa't nang makita niyang marami sa mga Fariseo at Saduceo na nagsisiparoon sa kaniyang pagbabautismo, ay sinabi niya sa kanila, Kayong lahi ng mga ulupong, sino ang sa inyo'y nagpaunawa upang magsitakas sa galit na darating? 8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi: 9 At huwag kayong mangagisip na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito. 10 At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa apoy. 11 Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy: 12 Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay." (Mateo 3:1-12 KJV)***

May isang katanungan na kailangang tanungin ng mga tao ang kanilang sarili: *"Paano ako maliligtas?"* Upang sagutin ang katanungang ito si Pablo ay nagpahayag ng mabuti sa aklat ng Mga Gawa, ***"21 Na sinasaksihan ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo." (Mga Gawa 20:21 KJV)***

Kaya mapapagpasyahan natin ang dalawang kinakailangan para sa kaligtasan:

1. ***Pagsisisi sa Dios.***
2. ***Ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo.***

Kayat ang pagsisisi ang dapat mauna kasunod ang pananampalataya sa Pagnginoong Jesus; ang pagsisisi ay mag aakay sa atin sa kaligtasan. Kaya ang pananampalataya sa Panginoong Jessu ay magpapatuloy sa pagsisisi kung hindi walang kaligtasan.

Kaya't ang usapin na kailangan nating talakayin ay ito: Ang pananampalataya ba sa Panginoong Jesus nang walang pagsisisi ay sapat na para sa atin upang maligtas? Ang pananampalataya sa Panginoong JesuCristo nang walang pagsisisi ay hindi nagdadala sa kaligtasan. Marami ang naniniwala ngunit walang pagsisisi kaya sila'y hindi naligtas dahil sila'y patuloy na namumuhay sa kasalanan. Sinasabi ng Bibliya ang tungkol sa biyaya ng Dios at ang Kanyang pagibig sa atin gaya ng nasusulat dito, ***"8 Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin." (Roma 5:8 KJV)*** Ngunit hindi ibig sabihin ay magpatuloy at magkasala at mamuhay sa kasalanan dahil ang Dios ay isang mapagbiyayang Dios, at ito ang sinulat ni Pablo sa simbahan ng Dios sa mga taga Roma: ***"1 Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy baga tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay makapanagana? 2 Huwag nawang mangyari. Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa riyan?" (Roma 6:1-2 KJV)***

Sa parehong paraan, tinawag ni Juan Bautista ang mga tao at binalaan silang magbigay bunga na naaayon sa pagsisisi. Ang pagsisisi ay pagtatapat ng iyong mga kasalanan, upang talikuran ito, upang iwanan ito at italaga ng iyong sarili at iyong buhay sa Dios sa pamamagita ng pananampalataya kay JesuCristo, at ang bunga ng pagsisisi ay dapat makita sa buhay ng mga nagpahayag na si Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon sa buong buhay nila. ***"Gayon ma'y ang matibay na pinagsasaligan ng Dios ay nananatili na may tatak nito, Nakikilala ng Panginoon ang mga kaniya: at, Lumayo sa kalikuan ang bawa't isa na sumasambitla ng pangalan ng Panginoon." (2 Timoteo 2:19 KJV)*** Ang mga nagpahayag na si Cristo bilag Tagapagligtas at Pangioon sa buong buhay nila dapat silang lumayo sa kasalanan.

Si Juan ay dumating upang ihanda ang daan para kay Jesus. Ipinapangaral niya ang bautismo ng pagsisisi, Sinasabi niya sa karamihan ang sumusunod tungkol kay Jesus: ***"11 Sa katotohanan ay binabautismuhan ko kayo sa tubig sa pagsisisi: datapuwa't ang dumarating sa hulihan ko ay lalong makapangyarihan kay sa akin, na hindi ako karapatdapat magdala ng kaniyang pangyapak: siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at apoy:" (Mateo 3:11 KJV)*** Ang bautismo ng Tubig ay sapilitan para sa bawat isa at sa lahat na

nagsisi at may pananampalataya sa Panginoong Jesus. Ang bautismo ay paglubog sa tubig sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu ay upang ilibing ang dating buhay at bumangon sa bagong buhay., isang buhay sa Espiritu. Sa gayon pagkatapos kapag namuhay kana sa kabanalan sa harap ng Dios at ang iyong puso ay dalisay at malinis sa harap Niya babautismuhan ka ng Panginoong Jesus ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay pupuspusin ka kapag nagsisi ka sa iyong mga kasalanan at may katangian at personalidad ni Jesus sa iyong buhay, pagkatapos bibigyan ka ng Dios ng mahahalagang kaloob ng Banal na Espiritu.

Nagbabala si Juan sa mga tao ng mga sumusunod:

***1. "At huwag kayong mangagisip na mangagsabi sa inyong sarili, Si Abraham ang aming ama; sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios ng mga anak ni Abraham sa mga batong ito." (Mateo 3:9 KJV)*** * Huwag magmayabang na ikaw ay isang mananampalataya o isinilang na muli ngunit ikaw pa rin ay hindi nagsisi at namumuhay sa kasalanan. Ang gayong mga bagay ay tatanggihan ka ng Dios. * Huwag isipin na ang iyong paglilingkod at ministerio sa Dios ay magtatakip sa iyong pagmamalaki, kayabangan, pandaraya, pagsisinungaling, pakikiapid, pagnanakaw, pagsasayang ng kayamanan, pananamantala, paggamit ng iyong mga mata para hindi makadios na mga layuin. atbp. Nais ng Dios na magsisi ka at malinis mila sa kasalanan na ipinamumuhay ko. Kayang baguhin ng Dios ang mga bato at baguhin ang pinaka makasalanang at gawin silang Kanyang mga anak; ang mga nagsisi ay mauuna at ang hindi pa nagsisi ay mahuhuli.

***2. "At ngayon pa'y nakalagay na ang palakol sa ugat ng mga punong kahoy: ang bawa't punong kahoy nga na hindi nagbubungang mabuti ay pinuputol at inihahagis sa apoy." (Mateo 3:10 KJV)*** Ang Paghatol ng Dios ay darating sa mga namumuhay pa rin sa kasalanan at masuwayin. Ang katulad gaya ng sinabi ni Jesus, ***"2 Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga." (Juan 15:2 KJV)*** Narinig ng mga Fariseo at Saduceo ang mensahe, ngunit hindi sila nagsisi. Kaya huwag maging katulad nila. Ang Paghatol ng Dios at galit ay darating sa mga namumuhay sa kasalanan, ***"12 Nasa kaniyang kamay ang kaniyang kalaykay, at lilinisin niyang lubos ang kaniyang giikan; at titipunin niya ang kaniyang trigo sa bangan, datapuwa't ang dayami ay susunugin sa apoy na hindi mapapatay." (Mateo 3:12 KJV)***

***"Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:" (Mateo 3:8 KJV)***

Magsisi! Ano ang ibig sabihin ng salitang ito? Maaring naglalakad ka sa kalaye, nagtatrabaho sa iyong tindahan, namimili ng iyong mga grocery, nagpapahinga sa iyong tahanan, nakaupo sa isang tindahan ng kape umiinom ng tasa ng iyong tea, binibisita ang isang kaibigan, o ikaw ay nasa isang pagpupulong sa simbahan. Ngunit, pakiusap pasensyahan mo ako sa pagtatanong na ito: *Ano ang kinakatawan o ang ibig sabihin ng pagsisisi para sa iyo?*

Ang lahat sa buhay na ito ay kumikilos sa isang tiyak na daan. Tinatayang, bawat isa ay batid ang tungkol sa isang bagay sa buhay na kanilang pinapaniwalaan. Ang bawat isa ay may sariling isipan at sariling kalooban. Natagpuan namin ang mga tao na may pananampalataya sa kaalaman na naniniwala silang walang Dios na lumikha ng lahat ng bagay. Pinaniniwalaan lamang nila ang siyentipikong kapangyarihan ng kaalaman at para sa kanila, ang Dios ay isang teorya na kailangang patunayan.

Tinitingnan namin ang kabilang sulok at natuklasan ang mga tao na naniniwala sa kanilang sariling lakas at mabuting gawa bilang paraan ng tunay na pamumuhay at kaligtasan. Naniniwala sila sa presensya ng Dios ngunit kumbinsido silang ang daan patungo sa Dios ay sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti, sa pagsunod sa mga ritwal at mga aral na ipinag-utos ng mga tao. Hindi nila alam ang tunay at buhay na Dios na lumikha ng Langit at lupa at lahat ng nandoon, at hindi nila alam ang daan patungo sa Kanya.

Ang ilan ay mga umiibig sa pera at materyal na bagay tulad ng ginto, lupa at real state, mga sasakyan, atbp. Para sa kanila, ang pera at iba pang materyal na bagay ang tanging bagay na nagbibigay sa kanila ng seguridad. Sa buhay na ito, ang pera at mga kayamanan ng materyal na bagay sa kanilang sarili ay hindi masasamang bagay, ngunit ang pagibig sa pera ang ugat ng lahat ng uri ng kasamaan. Ang kasakiman sa pera at mga kayamanan at iba pang materyal na bagay ay pagsamba sa mga dios-diosan. Kapag ang pera ay palaging bilang nangunguna sa isipan ng isang tao, ang pera ay naging dios na ng taong iyon. Ang kanyang isipan at damdamin ay nakatali lamang sa mga bank account, negosyo at stock sa merkado, mga sasakyan, ginto, real estate, atbp. Ang pagibig sa pera ay ginagawang makasarili siya, at mahilig sa di tapat na kita. Siya ay mapaghangad na nais ng mga pag-aari ng ibang tao. Ang taong mahilig sa pera ay isang alipin ng pera.

May mga tao rin na mahilig sa mga kasiyahan ng mundong ito. Sila ay nalululong o nakatali sa mga bagay na ito bilang isang paraan upang makaramdam ng kapayapaan at makaalpas mula sa mga tindi at stress ng buhay. Sila ay nasisiyahan sa paninigarilyo, pag-inom at pagsusugal; gumagamit sila at nalululong sa mga partikular na

droga upang makatulog o makapag-relaks mula sa pagkabahala at depresyon. Ang iba ay nag-aaral at may pananampalataya sa yoga, karate, at iba't ibang uri ng ehersisyo para sa isip. Ang iba naman ay nasasangkot sa mga hindi moral na gawain upang masiyahan sa pamumuhay sa kasiyahan ng kasalanan.

May mga tao na nagsasagawa ng mahika at mga sining ng mahika, horoscope, atbp. Sila ay nalinlang ng kapangyarihang ibinibigay sa kanila ni Satanas at naging mga kasangkapan ni Satanas upang linlangin din ang iba. Sinasamba nila si Satanas dahil binigyan sila ng kapangyarihan na makakita ng mga bagay sa malayo o lampas sa kanilang paningin at upang saktan, manipulahin o kontrolin ang mga tao na walang pananampalataya sa Nag-iisa at Tunay na Dios. Ang ganitong kapangyarihan ay hindi nagmula sa Dios sa Langit, at kinamumuhian ng Dios ang mga ganitong bagay.

Gayunpaman, mayroong ibang tao na umiibig sa Dios. Nais nilang maglingkod sa Kanya at mamuhay ng buhay na makadios. Ngunit sa katunayan, hindi nila alam ang tamang daan upang maabot at kalugdan ang Dios. Ang Dios ay hindi maabot sa pamamagitan ng anumang ibang pangalan, kundi sa pangalan ni Jesus. Ang Dios ay hindi maabot sa pamamagitan ng pananampalataya sa mga anghel, mga santo, mga apostol, si Maria, ina ni Jesus, si Krishna, si Mohammed, si Buddha, atbp. Sinasabi ng Bibliya, ***"12 At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas." (Mga Gawa 4:12 KJV)*** Makapaparoon lamang sa Dios sa pamamagitan ni JesuCristo, ang Anak ng Dios, ang Panginoon ng mga panginoon, at ang Hari ng mga hari. Ang simbahan ay hindi makakapagligtas sa iyo, ang relihiyon ay hindi makakapagligtas sa iyo, ang mabubuti mong gawa ay hindi makakapagligtas sa iyo, kundi ang pananampalataya kay JesuCristo matapos mong magsisi.

Ang lahat ng nasa itaas na mga pamantayan ng mga tao, kasangkot ang lahat ng mga bagay na ating tinalakay, ay nangangaailangan ng pagsisisi. Dapat silang magsisi o hindi sila makakapasok sa Kaharian ng Dios.

Si Jesus ay bumaba mula sa Langit. Ipinakita Niya sa atin ang daan upang makaparron sa Dios, Sinabi ni Jesus ang isa na makakakita sa Kanya. Makikita niya ang Dios, ***"44 At si Jesus ay sumigaw at nagsabi, Ang sumasampalataya sa akin, ay hindi sa akin sumasampalataya, kundi doon sa nagsugo sa akin. 45 At ang nakakita sa akin, ay nakakita doon sa nagsugo sa akin. 46 Ako'y naparito na isang ilaw sa sanglibutan, upang ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili sa kadiliman." (Juan 12:44-46 KJV)*** Bumaba si Jesus upang ipakita sa atin kung sino ang Dios, Si Jesus ay bumaba at kinuha ang ating mga kasalanan at binayaran ang halaga para sa lahat ng ating masasamang gawain. Namatay siya sa krus para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan at nabuhay Siyang muli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang magbigay buhay sa lahat ng maniniwala sa Kanya.

Ang pagsisisi ay pagtalikod sa kasalanan at kumilos pasulong sa Dios, kailangan mong isaalang – alang ang lahat ng pamantayang nabanggit namin noon bilang mga makasalanan, pati na rin ang gumagawa ng mabubuting gawa at ang mga mukhang mabuting tao sa mga hindi naniniwala kay Jesus; lahat sila ay kailangang magsisi.

Iniisip mo na mas mabuti ka kaysa sa kanila; siguro dahil may mabuti kang buhay at pumupunta ka sa simbahan. Ngunit sinabi ni Jesus, ***"5 Sinasabi ko sa inyo, Hindi: datapuwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan." (Lucas 13:5 KJV)*** Ang bawat isa ay makasalanan: ***"23 Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios;" (Roma 3:23 KJV)*** Kaya't ang bawat isa ay dapat magsisi – tumalikod sa kanyang maling daan at sumunod sa Dios at magkaroon ng pananamapalataya kay JesuCristo.

Ang tunay na pagsisisi ay nangangailangan ng dalawang bagay:

***1. <u>Malinaw na pasya na itigil ang paggawa ng kasalanan at lumayo mula sa dati at makamundong paraan ng pamumuhay</u>: "9 Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." (1 Juan 1:9 KJV)*** Upang ipahayag ay nangangahulugang kilalanin at tanggapin ang iyong kasalanan, humingi sa Dios ng tiyak na kapatawaran at itigil ang paggawa ng partikular na hindi banal na gawa tulad ng pangangalunya, pagsusugal, pag-inom, pagsamba sa mga idolo, panggagaway, pagsasanay ng usura, pagkain ng dugo, galit, laban, pagnanakaw, panlilinlang, at maraming iba pang masamang paraan, mga kasalanan, atbp.

***2. <u>Ganap na humarap sa Dios at magtiwala sa Panginoong JesuCristo at hindi sa anumang ibang pangalan o tao</u>: "21 Na sinasaksihan ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo." (Mga gawa 20:21 KJV)*** Upang magkaroon ng pananampalataya kay Jesus ay hindi lamang ibig sabihin ay maniwala sa Kanya kundi sumunod sa Kanya, sumunod sa Kanyang Salita, at gawin Siya bilang Panginoon at Dios sa iyong buhay. ***"6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa***

***pamamagitan ko." (Juan 14:6 KJV)*** Si Jesus ang daan; di ka makapaparoon sa Dios kung hindi sa pamamagitan ni Jesus. Kung hindi makikita mo ang iyong sarili na sumusulong mula sa masama patungo sa mas masama. Sa pamamagitan ng pagtanggap kay Jesus at pagsunod sa Kanyang halimbawa, mababago ang iyong buhay, at mamumuhay ka sa isang buhay ng katuwiran, naglilingkod sa Dios at pinapasaya ang Dios. Si Jesus ang katotohanan; maraming kasinungalingan at mga pandaraya ng iba't ibang anyo ang nasa paligid mo. Ngunit ang Salita ni Jesus ay laging tama at buong katotohanan. Lahat ay mawawala ngunit ang Salita ng Dios ay matutupad at mananatiling walang hanggan. Si Jesus ang buhay, kapag tinanggap mo si Jesus, sisimulan mong mamuhay ng isang buhay na puno ng habag at biyaya, tinatamasa ang pagibig at pangangalaga ng Dios, isang buhay na sagana at buhay na walang hanggan. Magsisimula kang makabuo ng mabuting bunga sapagkat ikaw ay naging anak ng Dios at Kanyang kasangkapan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang Panginoong Jesus ay namatay para sa iyong mga kasalanan sa krus at Siya ay nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ka ng buhay na walang hanggan. Pagkatapos ng pagkabuhay Niya si Jesus ay umakyat sa Langit, at Siya ngayon ay nasa kanan ng Dios Ama namamagitan para sa atin, ngunit Siya babalik na muli upang hatulan ang nabubuhay at ang nangamatay. Siya ay babalik upang kunin tayo; upang kunin ang mga nangasisi at nangapamuhay para sa Kanya. Siya ay babalik upang hatulan ang masama na namuhay sa kasalanan, at Siya ay babalik upang gantimpalaan ang matuwid na namuhay para sa Kanya. Ngayon panahon na para sa iyo na magpasya talaga upang talikuran ang iyong masasamang paraan at humarap sa Dios sa pagkakaroon ng pananampalataya sa ating Panginoong JesuCristo. Hindi sapat na itigil lamang ang iyong maling gawain, kundi kailangan mo ring magkaroon ng personal na relasyon sa Dios sa pamamagitan ni Jesus. Pagkatapos, mararanasan mo ang isang buhay na puno ng katuwiran, kagalakan, at kapayapaan habang iniiwasan mo ang kasalanan at kasamaan ng mundong ito. Maaari kang manalangin sa Dios at hilingin ang iyong mga pangangailangan. Higit sa lahat, magbubunga ka ng pinakamahusay na bunga ng pagsisisi – ang buhay na walang hanggan kasama ang Dios. Samakatuwid, sundin ang turo ng Salita ng Dios upang maging handa na dalhin sa Langit kasama kami kapag dumating si Jesus; magsisi, talikuran ang iyong buhay ng kasalanan at simulan ang sumunod kay Jesus at mamuhay para sa Dios.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing ngunit nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ngayon Ako ay nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan at maling gawain: ________________________________ . Ngayon ipinagkakatiwala ko ang aking pananampalataya sa Iyo lamang, Ipinangako ang aking buhay mula sa araw na ito upang mabuhay para sa iyo at paglingkuran Ka.*

*Panginoong Jesus, Tulungan mo akong mabago at sundin ang Iyong mga landas. Salamat, Panginoon sa walang hanggan, at ganap na buhay kasama Mo, Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen*
*Panginoong Jesus salamat sa iyo para sa bagong mga kaluluwa na iniligtas mo ngayon at sa mga nagbigay ng kanilang buhay sa iyo at tinanggap ka bilang Tagapagligtas at Panginoon sa kanilang buhay. Panginoong Jesus salamat sa iyo para sa kaloob ng pagsisisi at salamat sa iyo para sa kapatawaran para sa aming mga kasalanan at sa kaligtasan na tinanggap namin mula sa iyo,*

*Panginoon pagpalain ang aming mga Kapatid na ipinangako ang kanilang buhay na mamuhay para sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng espirituwal na mga kaloob na kailangannila sa kanilang buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at patnubayan kami at buksan sa amin ang bagong mga pintuan upang mag evagelio at ibahagi ang aming mga buhay patotoo sa iba upang makilala ka nila, magsisi sa kanilang mga kasalanan at sundin ka. Panginoon ipahayag ang iyong sarili sa kanila sa mga pangitain at panaginip. Hayaang mabatid nila na ikaw ang tunay na Dios at kami'y iyong lingkod. Panginoong bigyang daan kaming yumaon at magtatag ng bagong mga alagad at baustismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Panginoon patnubayan kami at tulungan kaming sanayin ang bagong mga manggagawa upang paglingkuran ka. Panginoon tulungan kami na magtanim ng bagong mga kapisanan at bagong pag aaral ng Bibliya para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Pagsisisi Yugto 1. Mateo 3:1-12. Mga Gawa 20:21. Roma 5:8. Roma 6:1-2. 2 Timoteo 2:19. Juan 15:2. Mga Gawa 4:12. Juan 12:44-46. Lucas 13:5. Roma 3:23. 1 Juan 1:9. Juan 14:6.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com